

Pagsusulit sa Pagmamaneho:

Ang dapat asahan

Sinusukat ng pagsusulit sa pagmamaneho ang iyong kakayahang magmaneho sa legal at ligtas na paraan. May sasakay sa iyong examiner na tatasa sa pagmamaneho mo. Hindi niya susubukang lituhin o linlangin ka, o hindi ka niya papagawain ng anumang ilegal.

Sa ano ako susuriin?

Susuriin ka sa:

- **Pagpapaandar sa iyong sasakyan.**
- **Pag-alis sa curb**, nagsi-signal at naghihintay ka ba hanggang sa ligtas na para pumasok?
- **Pagkontrol sa sasakyan**, ginagawa mo ba ang sumusunod:
 - Ginagamit nang tama ang gas pedal, preno, manibela, at iba pang kontrol?
 - Binabago ang bilis mo para umangkop sa:
 - Bilang at bilis ng iba pang sasakyan at pedestrian.
 - Mga kundisyon ng kalsada at lagay ng panahon.
 - Konstruksyon.
 - Liwanag.
 - Layong nakikita mo?
- **Sa pagmamaneho sa trapiko**, ginagawa mo ba ang sumusunod:
 - Ginagamit ang naaangkop na lane?
 - Nagsi-signal kapag nagpapalit ng lane?
 - Maingat na lumilipat ng lane?
 - Hindi tumututok sa ibang sasakyan?
 - Lumilingon bago magpalit ng lane?
 - Nagsi-signal sa tamang distansya bago lumiko?
- **Sa pagsunod sa mga traffic signal at karatula**, ginagawa mo ba ang sumusunod:
 - Lumiliko sa tamang lane nang hindi nag-o-overtake o pumupunta sa hindi naaangkop na lane?
- **Sa pagmamaneho sa mga blind o crowded na intersection**, ginagawa mo ba ang sumusunod:
 - Maingat na tinitingnan kung may mga karatula, nagsi-signal, pedestrian, at iba pang sasakyan?
 - Nagbibigay at gumagamit sa right-of-way sa tamang paraan?
- **Paghinto**
 - Maayos ka bang humihinto sa tamang lugar?
 - Mabilis at ligtas ka bang makakahinto kapag may emergency?



Pagsusulit sa Pagmamaneho: Ang dapat asahan

- **Pag-atras**
 - Tumitingin ka ba sa kanan?
 - Kaya mo bang umatras nang direktso?
 - Ganap mo bang nakontrol ang iyong sasakyan?
- **Pagdatin sa distansya**, mayroon ka bang ligtas na distansya mula sa:
 - Iba pang sasakyan kapag may sinusundan o dumadaan, o
 - Mga taong naglalakad o nagmamaneho sa kalsada?
- **Paggalang sa mga karapatan ng iba**
 - Magalang ka ba sa ibang driver, pedestrian, at bicyclist?
 - Buo ba ang atensyon mo sa pagmamaneho?
- **Sa paggawa ng mga partikular na pagmamaneobra**, matagumpay mo bang magagawa ang sumusunod?
 - **Mga signal gamit ang braso para sa pagkaliwa/pagkanan at pagbagal ng takbo o paghinto.** (Puwede kang gumamit ng mga signal gamit ang braso sa panahon ng pagsusulit.)
 - **Pagsusulit sa reaksyon sa pagpreno/emergency stop** – Aatasan ka naming ilagay ang paa mo sa gas pedal at mabilis na tapakan ang preno.
 - **Pag-park sa isang pataas na lugar** – Aatasan ka naming i-park ang iyong sasakyan na para bang iiwanan mo ito roon.
 - **Parallel parking** – Aatasan ka naming umatras sa isang parking space, sa pagitan ng:
 - Apat na poste.
 - Dalawang sasakyan.
 - O isang sasakyan kung saan may imaginary na sasakyang naka-park nang may layong humigit-kumulang $\frac{1}{2}$ kalahati ng sasakyan mula sa likod.
 - Hindi mo puwedeng gamitin ang mga feature na tumutulong sa parking habang ginagawa ang parallel parking.
 - **Pag-simulate ng pag-atras sa isang driveway o alley para lumabas sa isang kanto** – Aatasan ka naming iatras ang iyong sasakyan sa isang kanto nang pakanan. Kakailanganin mong dumikit sa dulo ng kalye at patuloy na umatras nang direktso hanggang sa atasan kang huminto. Hindi ka puwedeng gumamit ng back-up na camera sa simulated na pag-atras.

Pagsusulit sa Pagmamaneho: Ang dapat asahan

Posibleng makatulong sa iyo ang mga video na ito

Makikita mo ang mga ito sa channel ng Department of Licensing sa YouTube sa www.youtube.com/user/WALicensing

- [Pagsusulit sa Pagmamaneho #1: Paunang pagsusulit](#)
- [Pagsusulit sa Pagmamaneho #2: Pag-atras](#)
- [Pagsusulit sa Pagmamaneho #3: Parallel parking](#)
- [Pagsusulit sa Pagmamaneho #4: Paglipat ng lane at pagliko](#)

Maghanda

Pag-aralan ang Gabay sa Driver ng Washington, at ang pinakamahalaga sa lahat, magsanay. Tandaan, kailangan ay may kasama kang lisensyadong driver sa pagsasanay.

Dapat ay maging kumportable ka sa pagmamaneho sa lahat ng sitwasyon ng trapiko. Alamin ang mga panuntunan sa daan at sundin ang mga ito. Magsanay sa sasakyang pamilyar sa iyo.

Posibleng kinakabahan ka sa pagsusulit gaya ng karamihan ng mga tao. Kung magsasanay ka at kung tatandaan mo ang mga tip sa pagmamaneho na nakalista rito at sa Gabay sa Driver, malaki ang posibilidad na makapasa ka sa unang pagsubok mo.

Ligtas na magmaneho at good luck!